kung saan kasama si Cristo o sa lugar na kasama ang diyablo; sa lugar kung saan kasama ang mga banal at pinawalang-sala o doon sa kung saan kasama ang masasama, mga lapastangan, at kasuklam-suklam. Saan sa dalawang lugar na ito ka mamamalagi magpakailanman?

At ang ikahuling paalala, ANG BATAYAN KUNG SAAN KA MAMAMALAGI MAGPAKAILANMAN AY NAKASALALAY SA KUNG ANO ANG IYONG TUGON KAY JESU-CRISTO. Kung tatanggapin mo si Jesu-Cristo bilang iyong sariling Panginoon at Tagapagligtas, mamamalagi ka sa Kanyang piling magpakailanman. Ngunit kung tatanggihan mo si Jesu-Cristo, malalayo ka sa Kanyang piling at tuluyang mawawalay ka mula sa Kanya magpawalang-hanggan. Pakinggan mo ang katotohanan sa mga Salita ng Diyos, "Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan. Ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi magkakaroon ng buhay. Sa halip, mananatili sa kanya ang poot ng Diyos" (Juan 3:36 RTPV).

Muli, iyong pakinggan at pakaisipin, "...sa pagbabalik ng Panginoong Jesus mula sa langit kasama ang kanyang mga makapangyarihang anghel. Darating siya sa gitna ng naglalagablab na apoy at paparusahan ang lahat ng hindi kumilala sa Diyos at hindi sumunod sa Magandang Balita ng ating Panginoong Jesus. Ang parusa sa kanila ay walang hanggang kapahamakan at mahihiwalay sila sa Panginoon at sa dakila niyang kapangyarihan" (2 Tesalonica 1:7-9 RTPV). Ang batayan kung saan ka mamamalagi magpakailanman ay nakasalalay sa kung ano ang iyong tugon kay Jesu-Cristo habang ikaw ay nabubuhay sa kasalukuyan.

Mayroong magpakailanman at tayo nga ay mananatili sa isang tiyak na lugar magpawalang-hanggan. Ang tanong na kung saan ka mamamalagi magpakailanman ay higit na mas mahalaga kaysa sa tanong na kung saan ka mamamalagi habang ikaw ay nabubuhay ngayon sa kasalukuyan. Maaari na nating malaman kung saang lugar tayo mamamalagi magpakailanman: ito ay alin lamang sa dalawang lugar, sa langit o sa impiyerno. At ang katanungan kung saan tayo mamamalagi magpakailanman ay masasagot lamang batay sa ating magiging tugon kay Jesu-Cristo habang tayo ay nabubuhay ngayon. Kaibigan, saan ka pupunta?

SAAN KA MAMAMALAGI MAGPAKAILANMAN?
(hango kay Dr . R. A. Torrey)

PANALANGIN

Ama naming nasa langit, alam ko po na ako ay nagkasala at nangangailangan ng Inyong kapatawaran. Naniniwala ako na namatay ang Inyong Anak na si Jesu-Cristo sa krus para sa akin. Nakahanda po akong magsisi at talikuran na ang aking mga kasalanan. Buong pananampalataya ko pong inaanyayahan ngayon ang Panginoong Jesus na pumasok sa aking puso at buhay bilang sarili kong Tagapagligtas. Nakahanda po ako ngayon, sa Inyong tulong at biyaya, na sumunod kay Jesus bilang Panginoon ng aking buhay. Amen.

Para sa karagdagang tulong pang-espirituwal o dagdag na sipi ng babasahing ito, maaaring sumulat sa:
SOWERS OF THE WORD MINISTRIES
PO BOX 1074, MAKATI CENTRAL
POST OFFICE



SAAN KA MAMAMALAGI MAGPAKAILANMAN?

Ang ating paksa ay: Saan ka mamamalagi magpakailanman? Matatagpuan mo ang talatang ito sa Juan 16:5 SND, "Saan ka pupunta?". Noo'y papaalis na si Jesu-Cristo sa mundong ibabaw. Sinabi Niya sa Kanyang mga alagad na Siya ay aalis, ngunit wala ni isa sa kanila ang nagtanong sa Kanya kung saan siya patutungo. Pinangaralan ni Jesus sila sapagkat hindi man lamang sumagi sa isip nila ang magtanong. Marahil ay tama lamang na ikagalit ito ni Jesus, sapagkat ito ang pinakamahalagang tanong na haharapin ng sinuman sa kanyang paglisan sa mundong ito. Ang tanong na, "Saan ka pupunta?"



Una sa lahat, ALALAHANIN NA TOTOONG MAYROONG WALANG HANGGAN. Ito ay isang tiyak na bagay. Maaari nating ipikit ang ating mga mata sa bagay na ito, subalit ito ay mananatili pa ring isang katotohanan. Pag-isipan mo —maaari kang mabuhay nang limang taon, sampung taon, dalawampung taon tatlumpu, apatnapu, o limampung taon. Ngunit pagkatapos noon ay ano? Di kalaunan, matatapos din ang limampung taon. Pagkatapos nito ay ano? KAWALANG-HANGGAN! Nakalatag iyan sa ating harapan, nagpapatuloy....at nagpapatuloy...at nagpapatuloy...at nagpapatuloy.

Dadaan ang walang katapusang mga siglo, lilipas ang panahon, ngunit ang kawalang-hanggan o ang magpakailanman ay magpapatuloy nang magpapatuloy. Hindi ito matatapos sapagkat ito ay walang katapusan at walang hanggan.

Dapat nating ipasalamat sa Diyos ang "magpakailanman." Kung alam ko na ako ay mabubuhay ng isang libong taon lamang, hindi magiging lubos ang aking kasiyahan. Palagi ko pa ring iisipin na darating pa rin ang katapusan nito. Nagagalak ako sapagkat sa pagtanaw ko sa hinaharap nakikita ko at naaaninag ang magpakailanman na sadyang walang hanggan. Tunay nga na totoong mayroong magpawalang-hanggan.

Ikalawa, ALALAHANIN NA MAY ISANG LUGAR KUNG SAAN KA MAMAMALAGI MAGPAKAILANMAN. Hindi totoo na mawawala ka na lamang dito sa mundo na parang bula. Pagkatapos ng kamatayan, tutungo ka pa rin sa isang lugar upang doon ay mamalagi magpawalang-hanggan.

Ikatlo, ALALAHANIN na ang tanong na "SAAN KA MAMAMALAGI MAGPAKAILANMAN?" ay mas higit na mahalaga kaysa sa tanong na "SAAN KA MAMAMALAGI SA IYONG PANGKASALUKUYANG BUHAY?" Ipagpalagay natin na ako ay maglalakbay at pupunta sa isang lugar upang doon ay manirahan sa loob ng apatnapung taon. Alin ang mas mahalaga, ang ginhawang naranasan ko habang ako ay naglalakbay o ang ginhawang mararanasan ko pagdating sa lugar na aking pupuntahan? Ang buhay na ito ay isang araw na paglalakbay lamang patungo sa kabilang buhay na walang hanggan.

Ang susunod na paalala na dapat pag-isipan ay: MAAARI NATING MALAMAN NGAYON KUNG SAAN TAYO MAMAMALAGI MAGPAKAILANMAN. Alam ni Jesus kung saan Siya mamamalagi magpakailanman. Sinabi niya, "Ngunit ngayo'y pupunta na ako sa nagsugo sa akin..." (Juan 16:5 RTPV). Alam din ni Apostol Pablo kung saan siya mamamalagi magpawalang-hanggan. Sinabi niya, "Sapagkat para sa akin, si Cristo ang aking buhay at kahit kamatayan ay pakinabang" (Filipos 1:21 RTPV). At dinagdag pa niya, "...gusto ko nang pumanaw sa mundong ito upang makapiling ni Cristo, sapagkat ito ang lalong mabuti para sa akin" (Filipos 1:23 RTPV).

Ang ikalimang bagay na dapat nating isaisip ay ISA SA DALAWANG LUGAR LAMANG ANG MAAARI NATING KALAGYAN MAGPAKAILANMAN - SA LANGIT O SA IMPIYERNO. Ang langit ay isang lugar na puno ng kagalakan, kabanalan, at pagmamahal. Ang impiyerno ay isang lugar na puno ng karahasan, pagkamuhi, at pagdurusa. Isa sa mga lugar na iyan ang pamamalagian natin magpawalang-hanggan: Sa lugar